Ang isang na-update na QR code na patunay ng pagbabakuna na nakakatugon sa inirerekomendang mga pamantayan sa Canada para sa paglalakbay ay magagamit na ngayon sa alberta.ca/CovidRecords.

Pagkatapos punan ang iyong impormasyon, tiyaking "i-save ang iyong tala" para sa PDF na naglalaman ng iyong wastong talaan ng QR code.

Ang mga digital at naka-print na bersyon ay may bisa. Parehong magagamit ang bersyong ito at ang nakaraang talaan ng QR code sa mga negosyo sa Alberta. Hindi mo kailangan ang na-update na tala maliban kung naglalakbay ka.

Kung kailangan mo ng naka-print na tala, maaari kang makakuha ng isa nang walang bayad sa pamamagitan ng pagbisita sa isang ahente ng pagpapatala o pagtawag sa Health Link 811. Para sa tulong sa pag-download ng iyong tala, mangyaring bisitahin ang alberta.ca/CovidRecordsHelp.

Maaaring kailanganin ng mga negosyo na i-update ang AB Covid Records Verifier app para mabasa ang na-update na code. Maaari

mong tingnan kung mayroon kang pinakabagong bersyon ng app sa pamamagitan ng pagpunta sa Google o Apple store. Kung ang isang tala ay lumalabas pa rin bilang hindi wasto kapag na-scan pagkatapos ng pag-update, i-uninstall ang app at pagkatapos ay i-install itong muli.

Classification: Public